



Bukás na sa mga nominasyon!

KAMPEON NG WIKA 2021

Ang Kampeon ng Wika ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Filipinas.

Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng alinman sa mga katutubong wika sa Filipinas sa ibá't ibáng larang at disiplina.

30 HUNYO 2021

Huling araw ng pagsusumite





Nueva Vizcaya <nuevavizcaya@deped.gov.ph>


5-19

Mula sa Komisyon sa Wikang Filipino (Kampeon ng Wika 2021, bukás na sa mga nominasyon!)

2 messages

Tagapagdala Mensahe <tagapagdalangmgamensahe@gmail.com>
To: nuevavizcaya.depedro2@gmail.com

Wed, May 5, 2021 at 6:33 AM



2 attachments



Kampeon ng Wika 2021, bukás na sa mga nominasyon!_Digital Poster.png
662K

Kampeon ng Wika 2021, bukás na sa mga nominasyon!.docx
17K

Nueva Vizcaya <nuevavizcaya@deped.gov.ph>
To: Tagapagdala Mensahe <tagapagdalangmgamensahe@gmail.com>

Wed, May 5, 2021 at 7:59 AM

Acknowledged

On Wed, May 5, 2021 at 6:33 AM Tagapagdala Mensahe <tagapagdalangmgamensahe@gmail.com> wrote:

ADVISORY		Date: 5/6/21	Released (Records): <i>mgp</i>
To:	<input checked="" type="checkbox"/> PSDS/DICs	<input checked="" type="checkbox"/> Elem/Sec School Heads	
	<input type="checkbox"/> Private Schools	<input type="checkbox"/> Others:	
For:	<input checked="" type="checkbox"/> Information	<input checked="" type="checkbox"/> Dissemination	
	<input type="checkbox"/> Guidance	<input type="checkbox"/> Strict Compliance	
RACHEL R. LLANA PhD, CESO VI OIC, Office of the Schools Division Superintendent			
By:	<input type="checkbox"/> <i>[initials]</i>	<input type="checkbox"/> CID Chief	<input type="checkbox"/> SGDD Chief
	<input checked="" type="checkbox"/> AD	<input type="checkbox"/> <i>[initials]</i>	Signature: <i>[Signature]</i>

Kampeon ng Wika 2021, bukás na sa mga nominasyon!

INAANYAYAHAN ang lahat na magpasa ng mga nominasyon para sa KWF Kampeon ng Wika, isang pagkilala para sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Filipinas.

Ang Kampeon ng Wika ay ang taunang parangal na ibinibigay ng KWF sa mga natatanging indibidwal, institusyon, o samahan na patuloy na bumubuhay at aktibong lumalahok sa pagtataguyod at preserbasyon ng wikang Filipino at mga katutubong wika ng Filipinas sa iba't ibang larangan o disiplina.

Ang mga ginawaran ng parangal na ito ay sina Gov Vilma Santos-Recto at Cristy Fermin noong 2013, Alicia Magos, Eliza Uy-Grino, at Leoncio P. Deriada noong 2014; Merlie Alunan, Elvira B. Estravo, Rosa Maria Magno, Gloria I. Alday, Ma. Laarni L. Cayetano, at Lungsod Muntinlupa noong 2015; Resil Mojares, Fortunato B. Sevilla III, Noriam H. Ladjagais, Atty. Cesar Kilaton Jr., Adelino Sitoy, Dr. Erlinda Alburo, Rev. Fr. Immanuel Sison Escano, Orlando B. Magno, Jimmy B. Fong, at Serafin V. Cuevas noong 2016; Rafael A. Banzuela, Jr, Fr. Wilmer Joseph S. Tria at John E. Barrios noong 2017; Lucena P. Samson noong 2018; at Galileo S. Zafra, Mario I. Micalat, Joaquin Sy, at Dr. Michael M. Coroza noong 2019;

Tuntunin sa Paglahok

Ang Kampeon ng Wika ay mataas na pagkilála sa mga indibidwal o pangkat na nag-ambag sa pagpapaunlad at pagtataguyod ng Filipino at mga wika ng Filipinas.

Bukás ang nominasyon sa mga indibidwal—laláki man o babae—samahán, tanggapan o institusyon, at mga ahensiyang pampamahalaan o pribadong sektor na may natatanging ambag o nagawa túngo sa pagsusulong, pagpapagalaganap, pagpapayabong, at preserbasyon ng alinman sa mga katutubong wika sa Filipinas sa iba't ibang larang at disiplina.

Para sa mga indibidwal, kinakailangang may gulang na hindi bababâ sa apatnapung (40) taon. Para sa mga samahán, tanggapan, ahensiyang pampamahalaan, at/o pribadong sektor, kinakailangang naestablisa nang hindi bababâ sa limáng (5) taon.

Mayroong katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa alinman sa mga katutubong wika sa iba't ibang larang at/o disiplina. (Kinakailangang ilakip sa nominasyon bílang pruweba.)

Ang mga nominado ay marapat na manggaling sa rekomendasyon ng indibidwal o pangkat.

Pára sa onlayn na nominasyon, ihanda ang lahat ng softcopy (.pdf format) at magtungo sa link na ito: <https://forms.gle/RBH5HuoGYpqDSYSj>

Liham nominasyon na nagsasaad ng buod ng kalipikasyon ng nominadong indibidwal o samahán at nilagdaan ng nagnomina;

Curriculum vitae (kung indibidwal) o profayl ng organisasyon (kung samahán);

Mga pruwera sa katipunan ng mga akda o gawaing nakapag-ambag sa wikang Filipino at/o alinmang katutubong wika sa bansa; at

Balidong ID ng nagnomina (.jpeg format)

Pára sa nominasyon na ipadadala sa koreo, ilakip sa isa o higit pang long brown envelop ang lahat ng dokumento (hardcopy) na nakasaad sa bílang 6 at ipadalá sa:

Lupon sa Dangal ng Wikang Filipino 2021
Komisyon sa Wikang Filipino
2/P Gusali Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel
San Miguel, Maynila

Ang hulíng araw ng pagpapása ng nominasyon ay sa 30 HUNYO 2021, 5:00 nh.

Ang tatanghaling Kampeon ng Wika 2021 ay tatanggap ng naturang gawad sa Pammadayaw: Araw ng Gawad sa 27 Agosto 2021.